## Mula 10/03/2024, ang Karaniwang Pagpoproseso ay 4-6 na linggo, ang Pinabilis na Pagpoproseso ay 2-3 linggo.

| | | |
|---|---|---|
| ☐ | Nakumpletong Application para sa Passport (DS-11) | Ang **Form DS-11** ay dapat i-type o kumpletuhin gamit ang **ITIM NA TINTA**. Huwag pirmahan ang form. Available nang libre ang form mula sa website ng Kagawaran ng Estado ng Estados Unidos. |
| ☐ | Litrato sa Passport | Isang 2”x2” na litratong may kulay na kinunan sa loob ng nakalipas na 6 na buwan. Nakaharap na may puti o off-white na background. Available rin ang mga litrato sa site sa halagang $15 bawa't isa. Nandito ang mga kinakailangan para sa litrato. |
| ☐ | Katunayan ng Pagiging Mamamayan ng US | **ORIHINAL/SERTIPIKADONG KOPYA** ng isa sa mga sumusunod:<br>• US Birth Certificate (dapat kasama ang mga pangalan ng parehong magulang)<br>• Sertipiko ng Naturalization o Sertipiko ng Pagiging Mamamayan<br>• Nag-expire na passport na hindi sira (ang mga butas na ginawa ng US Dept of State ay hindi itinuturing na sira)<br>• Ulat ng Konsulado tungkol sa Kapanganakan sa Ibang Bansa<br>Isusumite ang iyong dokumento sa pagiging mamamayan kasama ng application at ibabalik sa iyo sa koreo pagkatapos mong matanggap ang bago mong passport. |
| ☐ | Pagkakakilanlan | Dapat bago ang ID at ibinigay ng gobyerno na may kasamang pirma at litrato mo o pisikal na paglalarawan:<br>• May bisang Lisensya sa Pagmamaneho o ID card na ibinigay ng State<br>• Passport – US o ibang bansa, basta't may bisa ito<br>• ID card sa militar<br>• Sertipiko ng Naturalization o Pagiging Mamamayan<br>Magsusumite ng photocopy ng harap at likod ng ID. Kung hindi mo kamukha ang litrato sa ID mo dahil matagal na noong kinunan ang litrato, maaaring humingi ng iba pang mga uri ng pagkakakilanlan bilang karagdagan sa iyong ID. |
| ☐ | Mga Karagdagang Dokumento | **Ang mga aplikanteng pinalitan ang kanilang pangalan ay dapat magbigay ng opisyal / sertipikadong kopya ng Lisensya sa Kasal o Utos ng Hukuman.**<br><br>Kailangan din ang mga sumusuportang dokumento sa mga sitwasyon ng pag-ampon, natatanging kustodiya ng menor de edad o pag-aalaga ng menor de edad. |
| ☐ | Tinatanggap na mga Paraan ng Pagbabayad | Ang bayad sa **US Department of State** (Bayad para sa Passport) **ay dapat bayaran gamit ang tseke o money order.** Kasama rito ang mga bayad para sa pagpapabilis at mga bayad para sa paghahatid pabalik. **ANG BAYAD NA ITO AY DAPAT EKSAKTO, HINDI TATANGGAPIN ANG MGA SOBRANG BAYAD.**<br>Ang bayad sa **Sacramento County Public Law Library** (Bayad sa pag-execute at litrato, kung kailangan) ay maaaring bayaran gamit ang Visa, Mastercard, Discovery, cash o money order.<br>Kung gusto mong ipadala ang iyong application nang mas mabilis mula sa aklatan papunta sa processing center, ang paghahatid sa loob ng 1-2 araw ay $28.80 at mababayaran nang may bayad para sa Pag-execute at Litrato. |
| ☐ | Mga Batang Wala Pang Edad na 16 | **Dapat humarap sa personal ang parehong mga magulang o legal na mga tagapag-alaga ng bata**, nang may kasamang may bisang ID na may litrato. Dapat magsumite ng orihinal na birth certificate para sa mga menor de edad na wala pang edad na 16, nagkaroon man sila dati ng passport. Tingnan ang website ng Dept. of State para sa mga eksepsyon. |

**Mula 10/03/2024, ang Karaniwang Pagpoproseso ay 4-6 na linggo, ang Pinabilis na Pagpoproseso ay 2-3 linggo.**

**PRESYO SA NASA HUSTONG GULANG (EDAD NA MAHIGIT SA 16)**

## KARANIWANG PAGPOPROSESO

| Dokumento/Serbisyong Hiniling | Kabuuang Halaga ng Tseke |
|---|---|
| | |
| Passport Book LANG | **$130.00** |
| Passport Card LANG | **$30.00** |
| Passport Book AT Card | **$160.00** |
| Passport Book AT Pinabilis na Pagpapadala Pabalik | **$152.05** |
| Passport Book AT Card PLUS na Pinabilis na Pagpapadala Pabalik | **$182.05** |

**PRESYO SA NASA HUSTONG GULANG (EDAD NA 16+)**

## PINABILIS NA PAGPOPROSESO

| Dokumento/Serbisyong Hiniling | Kabuuang Halaga ng Tseke |
|---|---|
| | |
| Passport Book LANG | **$190.00** |
| Passport Card LANG | **$90.00** |
| Passport Book AT Card | **$220.00** |
| Passport Book AT Pinabilis na Pagpapadala Pabalik | **$212.05** |
| Passport Book AT Card PLUS na Pinabilis na Pagpapadala Pabalik | **$242.05** |

**PAUNAWA: DAPAT EKSAKTO ANG MGA BAYAD. HINDI TATANGGAPIN ANG SOBRANG BAYAD AT KAKAILANGANIN MONG IPAISKEDYUL ANG APPOINTMENT MO SA IBANG ARAW.**

**PRESYO SA BATA (EDAD NA 15 AT PABABA)**

## KARANIWANG PAGPOPROSESO

| Dokumento/Serbisyong Hiniling | Kabuuang Halaga ng Tseke |
|---|---|
| | |
| Passport Book LANG | **$100.00** |
| Passport Card LANG | **$15.00** |
| Passport Book AT Card | **$115.00** |
| Passport Book AT Pinabilis na Pagpapadala Pabalik | **$122.05** |
| Passport Book AT Card PLUS na Pinabilis na Pagpapadala Pabalik | **$137.05** |

**PRESYO SA BATA (EDAD NA 15 AT PABABA)**

## PINABILIS NA PAGPOPROSESO

| Dokumento/Serbisyong Hiniling | Kabuuang Halaga ng Tseke |
|---|---|
| | |
| Passport Book LANG | **$160.00** |
| Passport Card LANG | **$75.00** |
| Passport Book AT Card | **$175.00** |
| Passport Book AT Pinabilis na Pagpapadala Pabalik | **$182.05** |
| Passport Book AT Card PLUS na Pinabilis na Pagpapadala Pabalik | **$197.05** |